
Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 15: Pag-uugnay ng mga Ideya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_KPWKP SHS
Module 15

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 15: Pag-uugnay ng mga Ideya**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruben S. Montoya

**Editor:** Jonathan F. Bernabe

**Tagasuri:** Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Sharita B. Cruz, Noel S. Ortega, Jhon Jien Mar Traviezo

**Tagaguhit:** Romdel F. Partoza

**Tagalapat:** Leonila L. Custodio, Niño Paulo V. Crispe

**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rommel C. Bautista
Galileo L. Go, Randy D. Punzalan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta
Leonila L. Custodio
Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino o

## Ikalawang Markahan - Modyul 15: Pag-uugnay ng mga Ideya

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang iyong isasagawang pag-aaral gamit ang modyul na ito ay tutugon sa dapat mong malaman at matutuhang kasanayan. Ito ay batay sa sumusunod:

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Nagagamit ang angkop na mga salita at pangungusap upang mapag-ugnay-ugnay ang mga ideya ng isang sulatin **(F11WG-IIh-89)**

**Layunin:**

- Nagagamit ang mga angkop na mga salita sa pag-uugnay-ugnay ng ideya sa isang sulatin.
- Nakabubuo ng pangungusap na gumagamit ng mga salita sa paguugnay-ugnay ng ideya sa isang sulatin.
- Napapahalagahan ang mga salitang ginagamit sa pag-uugnayugnay ng ideya sa pagsulat ng sulatin.

## Subukin

Punan ng wastong pang-ugnay ang sumusunod na pangungusap upang makabuo ng isang tiyak na ideya. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Hindi naman lingid sa ating kaalaman na mas madali para sa nakararami ang paggamit ng wikang Filipino, at dito sila bihasa kung ihahambing natin sa iba. ________________, itoy makapagpapagaang unawain ng mga kalahok ang mga katanungang ibabato ng mga mananaliksik.
   A. Ating
   B. Dito
   C. Natin
   D. Dagdag pa rito

2. Ito marahil ang magiging dahilan ____________ dumami pa ang magsasagawa ng mga pag-aaral.
   A. ito
   B. dahilan
   C. upang
   D. marahil

3. ______________dating Pangulong Ramon Magsaysay "Huwag ikahiya ang ating wika sapagkat ito ang diwa ng ating bansa".
   A. Ayon kay
   B. Huwag
   C. Upang
   D. Sapagkat

4. _______________si dating Pangulong Elpidio Quirino ay nagpahayag ng ganito: "Kailangang gumawa ng mahigpit na pagsisikap upang mapadali ang pagpapalaganap ng ating wika."
   A. Bukod pa rito  C. Upang
   B. Ganito  D. Ating

5. Ang suporta sa mga atletang Pilipino ay dapat ibinibigay bago pa man sumabak sa laban at hindi lamang ibinibigay kapag nanalo na, ___________ maraming medalya ang maiuuwi nila at karangalan ng ating bayan.
   A. upang  C. ang
   B. marahil  D. ating

6. Bilang isang Republika, dapat tayong magkaroon hindi lamang ng isang bansa at isang watawat kundi _____________ng isang wika".
   A. bilang  C. at
   B. tayong  D. gayundin

7. ________________, ang Filipino ay wikang magagamit natin sa pagpapaunlad. Ito'y makabuluhan at kapaki-pakinabang. Maging mulat tayo at huwag maging mangmang sa kung ano ang talagang atin.
   A. Bilang pangwakas  C. Marahil
   B. At  D. Subalit

8. Tukuyin sa mga sumusunod na pangungusap ang **hindi kaugnay** ang ideya sa paksang pinag-uusapan.
   A. Ang *Caracol* ay salitang Kastila na ang ibig sabihin ay lakad-kuhol (*snail-like-pace*) sa kadahilanang, may kabagalan ng lakad ang prusisyong ito. Dahil nga sa ang Rosario ay malapit sa karagatan, ang sinaunang Karakol ay nahahati sa dalawang bahagi.
   B. Umalis ang mga manlalayag, iwan ang pamanang tradisyon- ang kapistahan ng nasabing patron.
   C. Una, ang *Karakol del Mar* at ang *Karakol dela Tierra*. Ang *Karakol del Mar* ay Karakol sa dagat o *fluvial procession*. Nakagayak ng mga bulaklak ang andas ng patron at ilalagay sa malaking bangkang pangisda saka inililibot sa dagat.
   D. Pangalawa ay ang *Karakol dela Tierra* o karakol sa lupa. Isinasagawa ito pagkatapos ng karakol sa dagat. Pagsapit sa dalampasigan, ililipat ang andas pagkatapos ay papasanin ng mga deboto (karaniwa'y mga lalaki). Sa saliw pa rin ng musika tulad ng Pandanggo, pasayaw na ipo-prusisyon ang patron papuntang simbahan.

9. Alin sa sumusunod ang magkakaugnay na pahayag ukol sa paksa?
   I. Ang COVID-19 ay isang uri ng sakit na nakamamatay. Lubhang mapanganib ang sakit na ito. Marami ang binawian ng buhay, napalayo sa pamilya, at maraming bagay ang hindi na nagagawa tulad ng dati.
   II. Hindi na tayo nakatutungo sa bahay-panambahan upang magpasalamat, humiling at magpuri sa Panginoon dahil sa *virus* na ito.

III. Masaya ang mga batang naghahabulan sa gitna ng malakas na buhos ng ulan. May bata, dalaga't binata at kahit matatanda. Sabik na sabik ang bawat isa bunga na rin siguro ng mainit na panahon.
IV. Maging ang pagbabalik-eskwela ng mga mag-aaral ay hindi na natuloy dahil sa pandemya.

A. I, II, III
B. II, III, IV
C. III, IV, I
D. I, II, IV

10. Pag-ugnay-ugnayin ang mga pangungusap upang makabuo ng isang talatang magkakaugnay ang ideya.

| | |
|---|---|
| I. | Habang natutuhan ng isang bata ang kanyang katutubong wika, unti-unti rin niyang nakukuha ang kanyang kultura. |
| II. | Ang kulturang ito ay nabibigyang anyo, naipahahayag, at naipapasa sa ilang henerasyon sa pamamagitan ng wika. |
| III. | Ito rin ang nag-uugnay sa mga tao sa isang kultura, at sa pamamagitan nito ang kultura ay maiintindihan at mapahahalagahan maging sa mga taong hindi napaloob sa tinutukoy na kultura. |
| IV. | Samakatuwid, ang wika ay ang nagbibigay anyo sa diwa at saloobin ng isang kultura. |

A. I, II, III, IV
B. II, I, IV, III
C. IV, III, II, I
D. II, I, III, IV

11. Dahil ang wika ay buhay _________ patuloy itong nililinang at dumadaan sa pagbabago.

A. kaya
B. kapag
C. ngunit
D. sapagkat

12. Ang maka-Pilipinong pananaliksik ay tumutugon sa pangangailangan ng kapwa Pilipino. ___________________ ang makikinabang ay kapwa Pilipino.

A. Kapag
B. Ngunit
C. Sapagkat
D. Samakatuwid

13. Ang aktuwal na pagsagot o pagpapahayag ng iyong ideya o kaisipan sa iyong guro sa harap ng mga kaklase ay isang napakagandang karanasan, ________________ dahil sa COVID-19 hindi na natin mararanasan ang ganoon.

A. subalit
B. marahil
C. bunga nito
D. kung kaya

14. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kwento upang makabuo nang maayos na daloy ng ideya o kaisipan.

I. Sa paglipas ng panahon, ang masayang pagdiriwang na ito, ay nakagawian na rin ng iba't-ibang bayan sa Cavite bilang pagpupugay na rin sa patron ng kanilang lugar. Tradisyong lumawak pa at ngayo'y isa na ring aktibidad ng kapistahan sa iba't-ibang lugar sa mga karatig probinsiya.

II. Lahat sila'y ligtas na nakarating sa baybayin. Nakadaong sila sa dalampasigan ng Mojon (ngayon ay Muzon) isang sitio na noo'y baryo pa lamang na Salinas-Marsella. Hindi nagtagal, nagpatayo nga ng maliit na kapilya ang mga sakay ng nasabing bangka nang may pasasalamat at tuwa sa kanilang puso. Inihabilin nila ang imahe ng mahal na birhen sa mga taga- Mojon. Umalis ang mga tripulante na naiwan ang pamanang tradisyon- ang kapistahan ng nasabing patron.

III. Isang gabi, isang malakas na bagyo ang tumama sa Kamaynilaan at karatig probinsiya nito na nag-iwan ng pagkasawi ng mga buhay at pagkasira ng mga ari- arian. Sa lakas ng daluyong nang naglalakihang alon sanhi ng bagyo, halos lumubog ang bangka at takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito. Hanggang sa napansin nila ang isang larawan ng Birhen ng Sto. Rosario. Dito sila taimtim na nanalangin at nangako na kung ililigtas sila at bibigyan pa ng pagkakataong mabuhay, ay patatayuan nila ito ng kapilya bilang papuri at pasasalamat sa oras na makaahon sila sa dagat. At dininig umano ng birhen ang kanilang panalangin.

IV. Ayon sa kwento, noong panahon, isa sa mga pangunahing uri ng transportasyon ay ang pagbabangka. Ito ang paraan sa paghahatid ng mga kalakal ng mga mamamayan mula Cavite hanggang *Manila Bay* sa Maynila.

A. I, II, III, IV
B. IV, III, II, I
C. IV, II, I, III
D. III, IV, II, I

15. Pag-ugnayin ang mga pangungusap upang makabuo nang maayos at organisadong talata.

I. Pakuluin lang at pwede nang ihain ang *classic adobong baboy*.
II. Una, *i-marinade* ang karne ng baboy sa pinaghaluhalong toyo, bawang, sibuyas, at paminta sa loob ng 30 minuto o higit pa.
III. Kapag lumambot na ang karne, dagdagan ng tubig at toyo kung nais mong may sabaw. Lagyan ng suka, asin at asukal. Depende ang dami sa iyong panlasa.
IV. Isalang ang magkahalong karne ng baboy, toyo, bawang, sibuyas at paminta. Lutuin sa mahinang apoy hanggang sa lumambot ang karne.

A. II, I, IV, III
B. 1V, III, II, I
C. I, IV, II, III
D. II, IV, III, I

# Aralin 15 Pag-uugnay ng mga Ideya

Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa pag-uugnay ng mga salitang gagamitin sa pangungusap upang makabuo ng isang makabuluhang sulatin. Kailangang angkop ang mga pang-ugnay na salita sa pagdudugtong-dugtong ng kaisipan upang malinaw na maihatid ang mensahe lalo na sa pagsulat ng isang pananaliksik



## *Balikan*

Mahalaga na magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa pag-uugnay ng mga ideya o kaisipan upang makabuo ng isang maayos at organisadong pahayag. Dahil dito, pag-ugnay-ugnayin ang mga salita na nakatala sa pamamagitan ng pagbuo ng talata.

Mga salita kaugnay ng paksa:

*new normal*, kinabukasan, pangarap, *face-to-face, internet, wifi, online*, modyul, *COVID-19,* pandemya, magulang, kaibigan, guro, *laptop, cellphone*, sabon, *alcohol*, *face mask, ZOOM, messenger*, disiplina at tagumpay

Mga pang-ugnay:

samakatuwid, sapagkat, ngunit, dahil, upang, kung gayon, bunga nito, una, pagkatapos, bilang pangwakas



## *Tuklasin*

Basahin ang sumusunod na pangungusap na nakakahon. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba. May kabuoang limang puntos kapag nasagot ang tatlong tanong sa ibaba.

1. Pangunahing layunin ng pag -aaral na ito na mapatunayan <u>at</u> maisa-isa ang penomenang kultural at panlipunan ng isang lugar.
2. Batay sa resulta ng pag -aaral, <u>kaya</u> lubos na sumasang-ayon ang mga guro, eksperto at mga mag -aaral.
3. Isang proseso ng pag -aaral at pagsisiyasat ang pananaliksik upang matuklasan ang mga katotohanan tungkol sa paksa.

a. Paano ginamit ang mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

b. Ano ang tawag sa mga salitang ginagamit upang pag-ugnayin ang ideya o kaisipan sa isang pangungusap o talata?


______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

c. Paano ito nakatutulong sa pagsulat ng isang sulatin o pananaliksik?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



## *Suriin*

Basahin at suriin ang teksto. Pansinin kung paano ginamit ang mga salitang may salungguhit sa teksto. Sagutin ang mga katanungan. Bawat nbilang ay may katumbas na tatlong puntos sa tamang sagot.

**Karakol**

Ang Lungsod ng Heneral Trias sa Cavite ay mayaman sa mga pagdiriwang. Isa na rito ang Karakol.

Ang karakol ay isang prusisyon, isang pagpupugay sa mahal na patron na si Nuestra Señora Virgen del Santissimo Rosario, Reina de Caracol. Masaya ito dahil ang mga kalahok dito ay sumasayaw sa saliw ng naglalakasan at masayang tugtugin. May mga banda pa mula sa iba't ibang lugar.

Alamin natin kung ano ang pinag-ugatan ng pagdiriwang at tradisyon na ito.

Noong unang panahon, isang gabi, isang malakas na bagyo ang tumama sa Kamaynilaan at karatig probinsiya nito na nag-iwan ng pagkasawi ng buhay at pagkasira ng mga ari-arian. Hindi mabilang na manlalayag ang naabutan ng bagyo sa laot. Isa sa mga bangka ay galing Mindoro na may lulang mga kargamento. Sa lakas ng daluyong nang naglalakihang alon sanhi nang malakas na bagyo, halos lumubog ang bangka, kung kaya takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito. Itinali nila ang kanilang mga sarili sa bangka para hindi umano sila anurin kung saan. Ang namumuno sa kanila'y pumunta sa *cabin* para tingnan kung ano ang kargamentong maari nilang maisalba. Hanggang sa napansin nito ang isang larawan ng Birhen ng Sto. Rosario. Nagbigay ito sa kanila ng pag-asa. Dito sila taimtim na nanalangin at nangako na kung ililigtas sila at mabigyan ng pagkakataong mabuhay pa ay patatayuan nila ito ng kapilya bilang papuri at pasasalamat sa oras na makaahon sila sa dagat.

Dininig ng Birhen ang kaniyang panalangin. Lahat sila'y ligtas na nakarating sa baybayin. Nakadaong sila sa dalampasigan ng Mojon (ngayon ay Muzon) isang sitio sa noo'y baryo pa lamang na Salinas-Marsella. Bunga nito, nagpatayo nga ng maliit na kapilya ang mga sakay ng nasabing bangka nang may pasasalamat at tuwa sa kanilang puso. Inihabilin nila ang imahe ng mahal na birhen sa mga taga-Mojon. Umalis ang mga manlalayag na naiwan ang pamanang tradisyon, ang kapistahan ng nasabing patron.

Sa paglipas ng panahon, ang masayang pagdiriwang na ito, ay nakagawian na rin ng iba't-ibang bayan sa Cavite at isa na rito ang Lungsod ng Heneral Trias, bilang pagpupugay sa patron ng kanilang lugar. Samakatuwid, ang tradisyong ito ay lumawak pa at ngayo'y isa na ring aktibidad ng kapistahan sa iba't-ibang lugar sa mga karatig probinsiya.

1. Tungkol saan ang tekstong binasa?


______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Ano ang gampanin ng mga salitang may salungguhit?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Ano kaya ang maaaring mangyari sa daloy ng ideya sa teksto kung wala ang mga salitang may salungguhit?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



## *Pagyamanin*

Basahin ang mga pangungusap sa Hanay A. Piliin ang tamang sagot sa Hanay B upang makabuo ng pangungusap gamit ang angkop na pang-ugnay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Kultura ang humuhubog sa isang lipunan _______ dapat na pahalagahan ito.<br>2. Ito ang gagawan ng pag-aaral ________ nangangailangan ito ng maraming kasagutan.<br>3. Mahalagang itala ang mga sanggunian _______ hindi na makaabala sa pag-aaral.<br>4. Sa suliraning gagawan ng pag-aaral _________ na lutasin ang mga dapat gawin upang mabigyan ng angkop na rekomendasyon.<br>5. Isang rekomendasyon ng pag-aaral na gawin pang mas malakas ang pag-aaral _______ magiging mas makatotohanan ito. | a. sapagkat<br>b. upang<br>c. kaya<br>d. samakatuwid<br>e. dapat |



## *Isaisip*


Mahalagang magkakaugnay ang mga ideya sa pananaliksik upang maayos ang daloy ng mga kaisipan at mga salita sa bawat pangungusap, talata at sa lahat ng bahagi ng pananaliksik.

**Angkop na mga Salita sa Pag-uugnay-ugnay ng mga Ideya**

Tinatawag na kaisipan sa nililinang na talata ang ideya. Inilalahad ng ideya ang pangunahing kaisipan na layong ihatid ng sulatin. Sa puntong ito, kailangang pag-ugnayin ang mga kaisipan o sariling pag-unawa sa teksto upang mabuo ito at ang makatutulong dito ang paggamit ng angkop na mga salita.

Maaaring gumamit ng mga pang-ugnay na salita tulad ng *sapagkat, at, kung gayon, samakatuwid* at iba pang mga *cohesive devices*.

Sa pag-uugnay ng mga ideya sa literatura at pagpapaliwanag sa daloy at resulta ng pananaliksik madalas ginagamit ang *ayon sa/kay, batay sa/kay, sinabi ni, dahil dito, bunga nito, resulta nito,* at iba pa.



## *Isagawa*

Bilang paglalahat, dugtungan mo ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot mula sa loob ng ibabang kahon at isulat sa sagutang papel.

Natutunan ko ang ibat-ibang angkop na mga salita at pangungusap (1) _______ mapag-ugnay-ugnay ang mga salita. Nalaman ko rin na tinatawag na kaisipan sa nalilinang na talata ang (2)__________. Inilalahad naman ng ideya ang (3)__________ na layong ihatid ng sulatin.

Sa puntong ito, kinakailangang (4)_______________ ang mga kaisipan o sariling pag-unawa sa teksto upang mabuo ito. Maaring gumamit ng mga pang -ugnay na (5)________, *ngunit, at ,kung gayon, samakatuwid* atbp.

| | |
|---|---|
| ideya | sapagkat |
| pangunahing kaisipan | upang |
| pag-ugnayin | |



# *Tayahin*

Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang may maayos at magkakaugnay ang ideya?

| |
|---|
| kung kaya takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito<br>sa lakas ng daluyong ng alon sanhi ng malakas na bagyo, halos lumubog ang barko |

   A. kung kaya takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito sa lakas ng daluyong ng alon sanhi ng malakas na bagyo, halos lumubog ang barko.
   B. sa lakas ng daluyong ng alon sanhi ng malakas na bagyo, halos lumubog ang barko, kung kaya takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito
   C. halos lumubog ang barko sa lakas ng daluyong ng alon sanhi ng malakas na bagyo kung kaya takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito
   D. halos lumubog ang barko kung kaya takot ang bumalot sa lahat ng mga sakay nito

2. Tukuyin sa mga sumusunod na pangungusap ang magkakaugnay ang ideya sa paksang pinag-uusapan.

   I. Ang "Caracol" ay salitang Kastila na ang ibig sabihin ay lakad-kuhol (*snail-like-pace*) sa kadahilanang, may kabagalan ng takbo ang prusisyong ito.
   II. Ang sinaunang Karakol ay nahahati sa dalawang bahagi. Una, ang *Karakol del Mar* at ang *Karakol dela Tierra*. Ang *Karakol del Mar* ay karakol sa dagat o *fluvial procession*. May mga gayak na mga bulaklak ang andas ng patron at ilalagay sa malaking bangkang pangisda, saka inililibot sa dagat.
   III. Pangalawa ay ang *Karakol dela Tierra* o karakol sa lupa. Isinasagawa ito pagkatapos ng karakol sa dagat. Pagsapit sa dalampasigan, ililipat ang andas, pagkatapos ay papasanin ng mga deboto (karaniwa'y mga lalaki).
   IV. Impluwensiya ng mga Kastilang sumakop sa ating bansa ang relihiyon, at ang pagdiriwang ng *fiesta* ay isa sa mga naipamana nila sa atin.

   A. I, II, III　　C. III, IV, I
   B. II, III, IV　　D. IV, I, II

3. Alin sa sumusunod ang **di-kaugnay** na pahayag ukol sa paksa?
   A. Ang COVID-19 ay isang uri ng sakit na nakamamatay. Lubhang mapanganib ang sakit na ito. Marami ang binawian ng buhay, napalayo sa pamilya, at maraming bagay ang hindi na nagagawa tulad ng dati.

B. Hindi na tayo nakatutungo sa bahay-panambahan upang magpasalamat, humiling at magpuri sa Panginoon dahil sa *virus* na ito.
C. Masaya ang mga batang naghahabulan sa gitna ng malakas na buhos ng ulan. May bata, dalaga't binata at kahit matatanda. Sabik na sabik ang bawat isa bunga na rin siguro ng mainit na panahon.
D. Maging ang pagbabalik-eskwela ng mga mag-aaral ay hindi na natuloy dahil sa pandemya.

4. Tukuyin sa hanay ng mga salita ang magkakaugnay para sa isang paksa.
   A. kape, asukal, pandesal, *face mask* at *face shield*
   B. doctor, *nurse, oxygen*, reseta, *ambulance*, lugaw at itlog
   C. ECQ, GCQ, MECQ, Quarantine, at walang lalabas
   D. bakuna, *register*, pila, pahinga, prutas at *vitamins*

5. Alin ang totoo tungkol sa pag-uugnay-ugnay ng ideya?
   I. Tinatawag na kaisipan sa nililinang na talata ang ideya. Inilalahad ng ideya ang pangunahing kaisipan na layong ihatid ng sulatin.
   II. Maaaring gumamit din ng mga pang-ugnay na salita tulad ng *sapagkat, at, kung gayon, samakatuwid* at iba pa sa pag-uugnay ng mga ideya
   III. Sa puntong ito, kailangang pag-ugnayin ang mga kaisipan o sariling pang unawa sa teksto upang mabuo ito at ang makakatulong dito ay ang paggamit ng angkop na mga salita.
   IV. Masasabing magkakaugnay ang ideya kung dumaan ito sa pagsusuri o pananaliksik, ibig lang sabihin na sinang-ayunan ito ng mga *respondent.*
   A. I,II,II
   B. II, III, IV
   C. III, IV,I
   D. IV,III, II

6. Maaaring gumamit ng mga ________ upang mapagdugtong-dugtong ang mga ideya
   A. Pandiwa
   B. Panghalip
   C. Pang-ugnay
   D. Pag-angkop

7. Ang paggamit, pagpapaunlad at pagpapalaganap ng Wikang Filipino ay nakasaad sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksiyon 6___________ito ay naaayon sa batas.
   A. ngunit
   B. sapagkat
   C. kung gayon
   D. subalit

8. Hindi makatarungan at patas ang pag-alis ng asignaturang Filipino sa kolehiyo____________________pinapatay nito ang Panitikang Pilipino.
   A. Marahil
   B. sapagkat
   C. ayon dito
   D. samakatuwid

9. _____________ dating Pangulong Ramon Magsaysay "Huwag ikahiya ang ating wika sapagkat ito ang diwa ng ating bansa".
   A. Ayon kay
   B. Huwag
   C. Ating
   D. Sapagkat

10. Ang tangi mong magagawa ________________maging bayani at dakila sa iyong henerasyon ay isalba ang buhay ng sangkatauhan mula sa COVID-19 sa pamamagitan ng pananatili sa loob ng iyong tahanan. Magkaroon ng malasakit sa sarili, sa iyong mahal sa buhay at sa kapwa-tao.

    A. subalit C. upang
    B. ngunit D. sa lalaong baga'y

11. ________________Jocson (2016), malalaman ang mga angkop na salitang gagamitin kung kaugnay ito ng paksang gagawan ng pananaliksik at kung nagpapakilala ito ng pangangailangan sa bawat bahagi nito. Maaaring gumamit din ng mga pang-ugnay na salita tulad ng *sapagkat, at, kung gayon, samakatuwid* at iba pa.

    A. Subalit C. Kung gayon
    B. Datapuwat D. Batay kay

12. Wala namang batas o kautusang nagtatakda sa kung anong wika ang gagamitin sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos. Ano mang wika ang gamit basta't ito'y hindi lumilihis sa tunay na konteksto at kahulugan, hindi naman ito makapagpapabago sa tunay na kalagayan ng iyong paniniwala at pananampalataya. ______________ang paggamit ng Taglish sa Bibliyang New Testament ay walang nilalabag sa aspetong moral man o legal.

    A. Kung gayon C. Marahil
    B. Subalit D. Datapuwat

13. Alin sa sumusunod ang **hindi kaugnay** na pahayag ukol sa paksa?

    A. Ang panalo ni Hidilyn Diaz ay panalo ng buong sambayanang Pilipino.
    B. Ang pagbibigay ng suporta sa mga atletang Pilipino ay higit na makatutulong sa pagkamit ng maraming medalya ng ating bansa.
    C. Panahon na naman ng pangangampanya para sa nalalapit na halalan kung kaya nauuso na naman ang siraan at bangayan.
    D. Ang pagbibigay ng tulong sa mga atleta ay dapat isinasagawa bago pa siya lumaban at hindi lamang kapag nanalo na.

14. Hindi mo kinakailangang humawak ng tabak o baril _______ makipaglaban para lamang matawag na bayani at dakila. Hindi mo kailangang makibaka sa pamamagitan ng panulat o nobela para puksain ang kalaban.

    A. upang C. subalit
    B. marahil D. sapagkat

15. Pagsunod-sunurin ang pangungusap sa kahon upang makabuo ng isang talata na magkakaugnay ang ideya.


| |
|---|
| I. Ang kulturang ito ay nabibigyang anyo, naipahahayag, at naipapasa sa ilang henerasyon sa pamamagitan ng wika.<br>II. Ito rin ang nag -uugnay sa mga tao sa isang kultura, at sa pamamagitan nito ang kultura ay maiintindihan at mapahahalagahan maging sa mga taong hindi napaloob sa tinutukoy na kultura.<br>III. Samakatuwid, ang wika ay ang nagbibigay anyo sa diwa at saloobin ng isang kultura.<br>IV. Habang natutuhan ng isang bata ang kanyang katutubong wika, unti-unti rin niyang naisasabuhay ang kanyang kultura. |

A. I, IV, III, II
B. I, II, III, IV
C. IV, III, II, I
D. I, IV, II, III



## *Karagdagang Gawain*

Binabati kita dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil dito, gusto kong maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo ang aktuwal na pagsulat ng pananaliksik. Maghanda ng pamagat o titulo ng iyong isasagawang pananaliksik na tumatalakay sa wika at kulturang Pilipino.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. D
2. C
3. A
4. A
5. A
6. D
7. A
8. B
9. D
10. B
11. A
12. D
13. A
14. B
15. D

**Isagawa**

1. upang
2. ideya
3. pangunahing kaisipan
4. pag-ugnayin
5. sapagkat

**Tayahin**

1. B
2. A
3. C
4. C
5. A
6. C
7. C
8. B
9. A
10. C
11. D
12. A
13. C
14. A
15. A

# *Sanggunian*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph